


PAANO KUNG NAGBAGO ANG AKING ISIP?

Maaari mong baguhin o kanselahin ang iyong paunang direktiba anumang oras hanggat maaari mong ipahayag ang iyong kahilingan. Upang baguhin ang tao na nais mong magsagawa ng desisyon sa iyong pangangalaga sa kalusugan, kailangan mo na lagdaan ang isang pahayag o sabihin sa isang doktor na namamahala sa iyong pangangalaga.

ANO ANG MANGYAYARI KUNG MAY ISANG TAO NA MAGSASAGAWA NG MGA DESISYON TUNGKOL SA IYONG PAGPAPAGAMOT?

Parehong kaustusan ang nalalapat sa sinuman na magsasagawa ng mga desiyon sa kalusugan alang-ala para sa iyo – ang isang ahente na tagapangalaga sa kalusugan, isang surrogate na ang pangalasn ay iyong ibinigay sa doktor, o isang tao na itinalaga ng korte na magsagawa ng desiyon para sa iyo. Lahat ay kailangsn na sumunod sa iyong Alituntunin sa Pangangalaga sa Kalusugan o, kung wala, ang iyong pangkalahatang kahilingan tungkol sa pagpapagamot, kasama ang pagtigil sa iyong pagpapagamot. Kung hindi alam ang iyong kahilingan sa pagpapagamot, kailangan mapagpasyahan ng isang surrogate kung ano ang pinakamabuting intres para sa iyo. Kailangan sundan ng mga taong nagbibigay ng pangangalaga sa kalusugan ang mga desisyon ng iyong ahente o isang surrogate maliban kung ang hiniling na pagpapagamot ay makakasama sa medikal na pagsasanay o hindi epektibo sa pagtulong sa iyo. Kung ito ay magdudulot ng hindi pagkakaunawaan na hindi maresolbahan, ang tagapagkaloob ay kailangan na magsagawa ng risonableng pagsisikap na maghanap ng ibang tagapagkaloob sa pangangalaga sa kalusugan na mamamahala sa pagpapagamot.



AKO BA AY MAPAPAGAMOT KUNG HINDI AKO MAKAGAWA NG PAUNANG DIREKTIBA?

Tumapak. Ikaw ay makakakuha pa rin ng pagpapagamot. Nais lang namin ipaalam sa iyo na kung ikaw ay magkakasakit nang maluhba na hindi makagawa ng desisyon, kailangan ng isang tao na makakagawa nito para sa iyo. Tandaan na:

ANG ISANG POWER OF ATTORNEY PARA SA PANGANGALAGA SA KALUSUGAN

ay nagbibigay sa iyo na makapangalan ng isang ahente na makakapagpasya para sa iyo – hindi lamang mga pagpapagamot sa pagpapanatili sa buhay – kapag hindi ka makapagsalita para sa iyong satili.

Maaari mo ring gawing mas madali ang pagsasagwa ng desisyon sa iyong ahente nang mas maaga, kung nais mo ito.

Maaari kang bumuo ng isang INDIBIDWAL NA ALITUNTUNIN SA PANGANGALAGA SA KALUSUGAN

sa pamamagitan ng pagsulat ng iyong kahilingan tungkol sa iyong pangangalaga sa kalusugan o sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa iyong doctor at paghiling sa iyong doktor na i-rekord ang iyong kahilingan sa iyong medikal na file. Kung alam mo kung kailan mo gusto o hindi gusto na maisagawa ang ilang mga uri ng pagpapagamot, ang isang Alituntunin ay nagbibigay ng mabuting paraan na gawing klaro ang hinihiling sa iyong doktor at sa sinuman na maaari kasama sa pagpasya tungkol sa iyong pagpapagamot alang-alang sa iyo.

Ang dalawang uri ng **PAUNANG DIREKTIBA SA PANGANGALAGA SA KALUSUGAN** ay maaaring gamitin na magkasama o magkahiwalay.

Upang maipatupad ang Pampublikong Batas 101-508, ang California Consortium on Patient Self-Determination ay naghanda ng brochure na ito noong 1991; ito ay binago noong 2000 ng California Department of Health Services, na may input mula sa ibang mga miyembro ng consortium at ibang mga intersadong mga partido, upang maipakita ang mga pagbabago sa batas ng estado.

PAANO AKO MAKAKAKUHA NG KARAGDAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA PAGSASAGAWA ANG PAUNANG DIREKTINA?

Tanungin sa iyong doktor, nars, manggagawang panlipunan, o tagapagkaloob ng pangangalaga sa kalusugan upang makakuha ng karagdang impormasyon. Ikaw ay maaaring magkaroon ng abogado na magsulat ng iyong paunang direktiba para sa iyo, o maaari mong kumpletuhin ang isang paunang direktiba sa pagpuna ng isang form.



ESTADO NG CALIFORNIA

HEALTH AND HUMAN SERVICES AGENCY

DEPARTMENT OF SOCIAL SERVICES



© 2001 State of California



Ang Iyong Karapatan na Makagawa ng mga Desisyon Tungkol sa Iyong Medikal na Pagpapagamot



Ang brochure na ito ay nagpapaliwanag ng iyong karapatan na makagawa ng mga desisyon sa pangangalaga sa kalusugan at paano ka makaplano para sa iyong medikal na pangangalaga kung hindi ka makapagsalita para sa iyong sarili sa hinaharap.

Kinakailangan ng pederal na batas na ibigay ang impormasyon na ito. Inaasahan namin na ang impormasyon na ito ay magpapaigting sa pagkontrol sa iyong medikal na pagpapagamot.

SINO ANG MAGPAPASYA SA AKING PAGPAPAGAMOT?

Ang iyong mga doktor ay magbibigay sa iyo ng mga impormasyon at payo tungkol sa iyong pagpapagamot. Ikaw ay may Karapatan na mamili. Ikaw ay maaaring magsabi ng “Oo” sa mga pagpapagamot na iyong nais. Maaari mong sabihin na “Hindi” sa mga pagpapagamot na hindi mo nais – kahit na ang “pagpapagamot ay maaaring magpahaba sa iyong buhay.



PAANO KO MALALAMAN KUNG ANO ANG NAIS KO?

Kailangan sabihin ng iyong doktor ang iyong medikal na kondisyon tungkol sa ibat-ibang mga pagpapagamot at alternatibo sa pamamahala sa sakit na maaaring isagawa sa iyo. Maraming mga pagpapagamot ang may “side effects.” Kailangan ihandog ng iyong doktor ang impormasyon sa iyo tungkol sa mga problema ng medikal na pagpapagamot na maidudulot nito sa iyo.

Madalas, mahigit sa isa na pagpapagamot ang makakatulong sa iyo – at ang mga tao ay may ibat-ibang mga ideya kung alin ang pinakamabuti. Ang iyong doktor ang magsasabi sa iyo kung alin ang pinakamabuti na pagpapagamot para sa iyo, ngunit ang iyong doktor ay hindi makakapagpili para sa iyo. Ang pagpili ay para sa iyo na gawin at depende kung alin ang mas mahalaga sa iyo.

MAAARI BANG MAKATULONG ANG IBANG MGA TAO SA AKING MGA DESISYON?

Oo. Madalas na humihingi ng tulong ang mga pasyente sa kanilang kamag-anak at malapit na mga kaibigan sa pagtulong sa pagsagawa ng desisyong medikal. Ang mga tao na ito ay makakatulong na mag-isip tungkol sa mga pagpipilian mo. Maaari kang magtanong sa mga doktor at mga nars na kausapin ang iyong mga kamag-anak at kaibigan. Maaari nilang hilingin sa mga doktor at mga nars na matanong para sa iyo.

MAAARI BA AKONG PUMILI NG ISANG KAMAG-ANAK O KAIBIGAN NA MAGSAGAWA NG DESISYON SA PANGANGALAGA SA KALUSUGAN PARA SA AKIN?

Oo. Maaari mong sabihin sa iyong doktor na nais mo ang isang tao na magsagawa ng desiyon para sa iyong pangangalaga sa kalusugan. Hilingin sa doktor na ilista ang tao na iyon bilang iyong “surrogate” sa pangangalaga sa kalusugan sa iyong medikal na record. Ang surrogate na pagkontrol sa iyong medikal na desisyon ay epektibo lamang sa panahon ng iyong pagpapagamot para sa

iyong kasalukuyang sakit o kapahamakan, kung ikaw ay nasa medikla na pasilidad, hanggat umalis sa iyong pasilidad.

PAANO KUNG NAGING MALUBHA ANG AKING SAKIT NA HINDI MAKAGAWA NG DESISYON SA AKING PANGANGALAGA SA KALUSUGAN?

Kung hindi mo pa naipangalan ang iyong surrogate, hihilingin ng iyong doktor ang iyong pinakamalapit na kamag-anak o kaibigan na makapagpasya kung alin ang mas nakakabuti sa iyo. Madalas ito ang ginagawa. Nguni minsan hindi lahat ay sumasang-ayon kung alin ang gagawin. Kaya nakakatulong kung masasabi mo ng mas maaga kung ano ang nais mo na mangyari kung hindi mo magagawa ito.

KAILANGAN KO BA NA MAG-ANTAY HANGGANG AKO AY MAGKASAKIT NA IPAHAYAG ANG AKING NAIS TUNGKOL SA AKING PANGANGALAGA SA KALUSUGAN?

Hindi. Sa katotohanan, mas mabuti na pumili bago na magkasakit o pumunta sa ospital, isang nursing home, o ibang mga pangangalaga sa kalusugan na pasilidad. Maaari mong gamitin ang Paunang Direktiba sa Pangangalaga sa Kalusugan upang sabihin kung sino ang nais mong mangatawan para sa iyo at kung anong mga pagpapagamot ang iyong nais. Ang mga dokumento na ito ay tinatawag na “advance directives” dahil inihahanda mo ito bago maisagawa ang mga desisyon sa panganaglaga sa kalusugan na iyong kailangan na isagawa. Ito ay tinatawag na mga “advance directives” dahil sinasabi nila kung sino ang taong mangangatawan para sa iyo at kung ano ang kanilang gagawin.

Sa California, ang bahagi ng isang paunang direktiba ay maaaring gamitin sa pagtalaga ng isang ahente na magsagawa ng mga desisyon sa pangangalaga sa kalusugan na tinatawag na Power of Attorney Para sa Pangangalaga sa Kalusugan . Ang bahagi kung saan mo maaring ipahayag kung ano ang nais mong maisagawa ay tinatawag na Indibidwal na Alituntunin sa Pangangalaga sa Kalusugan.

SINO ANG MAARING MAKAGAWA NG PAUNANG DIREKTIBA?

Maaari mo itong gawin kung ikaw ay 18 na taong gulang o pataas at maaaring makagawa ng medikal na mga desiyon . Hindi mo kailangan ng isang abogado.

SINO ANG MAAARING MAKAPANGALAN NG ISANG AHENTE?

Maaari kang pumili ng isang adultong kamag-anak o sinuman na tao na iyong pinagkakatiwalaan na mangangatawan para sa a iyong sarili para sa maisagawa ang isang medikal na desisyon.

KAILAN MAAARING MAGUMPISA NA MAGSAGAWA NG MEDIKAL NA DESISYON?

Madalas, ang isang ahente ng pangangalaga sa kalusugan ay magsasagaw ng desisyon pagkatapos lamang na mawalan ng abilidad na maisagawa ang kanilang sarili. Ngunit, kung nais mo, ang **Power of Attorney para sa Pangangalaga sa Kalusugan** na nais mo umpisahan ng isang ahente na isagawa ang desisyon kaagad.

PAANO MALALAMAN NG AKING AHENTE KUNG ANO ANG AKING NAIS?

Pagkatapos mo na piliin ang iyong ahente, kausapin ang tao na iyon kung ano ang iyong nais. Minsanan ang mga desisyon sa pagpapagamot ay mahirap gawin, at nakakatulong kung alam ng ahente kung ano ang iyong nais. Maaari mo rin isulat ang iyong nais sa iyong unang direktiba.



PAANO KUNG HINDI KO GUSTO PANGALANAN ANG AKING AHENTE?

Maaari mo pa rin isulat ang iyong nais sa iyong paunang direktiba, na hindi nagpapangalan ng isang ahente. Maaari mong sabihin na nais mo na ipagpatuloy ang iyong buhay hanggat maaari. O maaari mong sabihin na hindi mo nais na pagpapagamot na ipagpatuloy ang iyong buhay. Maaari mo ring ipahayag tungkol sa paggamit ng remedyo sa sakit o ibang uri ng medikalna pagpapagamot.

Kahit na hindi napunan ang isang kasulatan na **Indibidwal na Alituntunin sa Pangangalaga sa Kalusugan**, maaari mong talakayin ang iyong nais sa iyong doktor, at hilingin sa iyong doktor na ilista ang mga nais sa isang medikal na record. O maaari mong talakayin ang iyong nais sa iyong miyembro ng pamilya o mga kaibigan. Ngunit mas madali kung susundin ang iyong nais kung isinulat mo ito.